# Programa ng Masinsinang Suporta sa Pag-aaral sa panahon ng COVID

## Impormasyon para sa mga magulang at taga-alaga

### Ang Tungkol sa Programa ng Masinsinang Suporta sa Pag-aaral sa panahon ng COVID

Ang Programa ng Masinsinang Suporta sa Pag-aaral sa panahon ng COVID (COVID Intensive Learning Support Program (CILSP)) ay nagbibigay ng pagtuturo sa pag-aaral para sa maliliit na pangkat ng mga estudyante na higit ang pangangailangan sa mga primarya, sekundarya at natatanging paaralan sa kabuuang NSW.

Ang programa ay pinagtulungang ginagawa sa pagitan ng Kagawaran ng Edukasyon sa NSW, mga Katolikong Paaralan sa NSW at ang Samahan ng mga Independiyenteng Paaralan ng NSW.

Ang programa ay sinimulan upang tumulong sa mga estudyante na naapektuhan ang kanilang pag-aaral dahil sa mga mahabang panahon ng pag-aaral sa bahay sanhi ng pandemyang COVID-19. Ang programa ay nakatuon sa pagbasa't pagsulat at pagbilang.

Bawat paaralan ay gagawa ng sarili nilang programa batay sa mga pangangailangan ng kanilang mga estudyante at pamamahalaan ang programa sa pamamagitan ng pag-eempleyo sa mga natatanging sinanay na mga guro at iba pang mga tagapagturo katulad ng mga lektor sa unibersidad at guro sa mga preschool. Ang mga pag-aaral sa mga maliliit na pulutong ay maaaring gagawin bago o pagkatapos o habang nasa oras ng eskwela.

### Paano gumagana ang programa

Sa pamamagitan ng programa ng masinsinang suporta sa pag-aaral sa panahon ng COVID, ang mga paaralan ay mabibigyan ng pondo upang makapag-empleyo ng karagdagang mga tagapagturo na magtuturo sa pag-aaral sa loob ng maliliit na pangkat ng mga estudyante.

Sa pakikipag-ugnay sa prinsipal ng paaralan at sa paggamit ng iba't-ibang mga pagtatasa, ang guro ng silid-aralan ang magpapasya kung sino sa mga bata ang magbebenepisyo sa pag-aaral sa loob ng maliliit na pulutong.

Ang bawat batang isasama sa programa ay pag-usapan sa mga magulang o taga-alaga at gagawan ng plano sa pagtuturo. Ang progreso ng bata sa kanyang pag-aaral ay regular na tinitingnan at mananatili ang pagkontak sa mga magulang at taga-alaga.

### Mag pangunahing nilalaman ng programa

- Ang mga estudyante sa bawat paaralan ng Pamahalaang NSW ay sinusuportahan ng programa. Noong 2021, ang kabuuang 265,000 na mga estudyante ay sinuportahan.

- Ang pagtuturo sa maliliit na pulutong ay gagawin ng mga karagdagang tagapagturo – kasama ang mga kaswal at pansamantalang guro, mga retiradong guro, at estudyanteng nag-aaral sa pagkaguro. Ang mga dagdag na guro ay makikipagtrabaho sa mga guro ng silid-aralan upang matiyak na ang pagtuturo ay nakatuon sa pangangailangan ng mga estudyante.
- Ang pagtuturo ay nakatuon sa pagbasa’t pagsulat at pagbilang.
- Isang pangkat ng mga espesyalistang tagapagturo at mga namamahala ang susuporta at gagabay sa mga paaralan sa pagpapaandar ng programa.
- Kasali sa pagtuturo sa maliliit na pangkat ang dagdag na pagtuturo at suporta sa pag-aaral sa grupo ng 2-5 estudyante. Ang mga estudyante ay tuloy-tuloy na tinuturuan sa isang naiplanong haba ng panahon na ang pakay ay masuportahan ang pagtuturo sa silid-aralan.

### Programa ng Masinsinang Suporta sa Pag-aaral sa panahon ng COVID at ang iyong anak

Tatawagan ka ng guro ng iyong anak kung sa akala nila ay makakabenepisyo sa programa ang iyong anak.

Kung gusto mong madagdagan ang iyong kaalaman tungkol sa programa, bumisita sa Programa ng Masinsinang Suporta sa Pag-aaral sa panahon ng COVID (COVID Intensive Learning Support Program webpage). Kung kailangan mo pa ng karagdagang impormasyon, pag-usapan itong programa sa guro ng iyong anak.

## Serbisyo ng Pag-iinterprete sa Telepono

Kung kailangan mo ng karagdagang impormasyon, mangyaring tawagan ang principal ng iyong paaralan. Kung kailangan ang tulong ng interpreter sa iyong mga pagtatanong, mangyaring tawagan ang Serbisyo ng Pag-iinterprete sa Telepono sa 131 450 at humiling ng isang interpreter sa iyong wika. Sabihin sa opereytor ang numero ng telepono na gusto mong matawagan, at tatawag ang opereytor ng interpreter sa linya upang makatulong sa pag-uusap ninyo. Walang bayad sa serbisyong ito.